



20
18

Presented at the DLSU Research Congress 2018
De La Salle University, Manila, Philippines
June 20 to 22, 2018

Kababaihang Sakdalista: Makata at Tunay na Mandirigma sa Likod ng mga Tula

Marlon S. Delupio

De La Salle University

**Corresponding Author: marlon.delupio@dlsu.edu.ph*

Abstrak: Isinilang noong 1930 ang Sakdal bilang isang kilusang panlipunan na humamon sa katatagan ng kolonyal na lipunang pinatatakbo ng mga Amerikano sa bansa. Sa pamumuno ni Benigno Ramos na isang magaling na manunulat at makata, ipinalaganap ang Sakdalismo sa tulong ng pahayagang Sakdal. Pangunahing isinulong ng samahan ang kalayaan at pambansang identidad. Layunin ng papel-pananaliksik ang bigyan ng mukha at tinig ang mga kababaihang Sakdalista na humabi at kumatha rin ng mga tula. Gamit bilang paraan ng pananaliksik, ang metodong pangkasaysayan na siyang magbibigay ng pagsasakonteksto at pagsusuri sa mga tula. Ang kanilang mga tula ay inilimbag sa pahayagang Sakdal mula 1930 hanggang 1937. Mababakas mula sa mga taludtod ng tula ang kanilang paninindigan, paglaban at pakikiisa sa isyu ng katarungang panlipunan, pagsulong sa pambansang identidad at pagtatamo ng wagas na kalayaan para sa Inang Bayan.

Susing Salita: Sakdal, Kababaihang Sakdalista, Tulang Sakdal, at Sakdalismo.

1. PANIMULA

Si Benigno Ramos ang pinuno at tagapagtatag ng pahayagang Sakdal. Ipinanganak si Benigno Ramos noong Pebrero 10, 1893 sa Baryo Taliptip, Bulacan, sa kanyang ama na si Catalino Ramos at ina na si Benigna Pantaleon (Pascual, 1983, p. 74). Bilang mahusay na manunulat, nakapaglimbag siya ng mga artikulo at tula sa mga kilalang pahayagan at magasin tulad ng *Ang Mithi*, *Taliba*, *La Vanguardia*, *El Debate*, *El Ideal*, *Renacimiento Filipino*, *Alitaptap*, *Lidayway*, *Pagkakaisa* at *Sampaguita* (Sturtevant, 1976, 217). Noong 1929 naitalaga siya bilang pinuno ng "Clipping Division" ng Senado at naging tagapagsalita ni Manuel Quezon sa mga pagpupulong pulitikal (Sturtevant, 1976, 218).

Ang pagtatag ng Sakdal ay bunga ng dalawang usapin ng diskriminasyon na umiral noong dekada trenta. Isa rito ang usapin ng pambubugbog

sa mga manggagawang Pilipino sa Watsonville, California na kinamatay ng isang batang tagapulot ng letsugas. Ang ikalawa ay ang kilos protesta ng mga Pilipinong mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Hilagang Maynila laban sa isang Amerikanong guro na si Mabel Brumitt (Wada, *Ang Pagtatatag ng Kilusang Sakdal*, p. 54). Sa nasabing usapin ng pagkilos at protesta, nakisangkot si Benigno Ramos sa isyu na ikinasama ng loob ng kanyang patron pampulitika na si Manuel Quezon. Sa isinagawang paninindigan ni Ramos, hiniling ni Quezon ang kanyang pagtiwalag sa pamahalaan. Nagbitiw si Benigno Ramos noong Hunyo 18, 1930 sa kanyang tungkulin at itinatag niya ang pahayagang Sakdal noong Hunyo 28, 1930 (Pascual, 1983, p. 219).

Sa tulong ng mga makabayan tulad nila Guellermo Masangkay, Francisco Varona at ilang malalapit na kaibigan, nakalikom ng pondo si Ramos upang mailimbag ang unang sipi ng pahayagang Sakdal noong Hulyo 5, 1930, ito ay isang linggo



matapos maitatag ni Benigno Ramos ang pahayagan noong Hunyo 28, 1930 (Pascual, 1983, p. 82). Ang Pahayagang Sakdal ay naglalalaman ng mga artikulo, sanaysay, dibuho at mga tula.

2. METODOLOHIYA

Ang panulaan tulad ng baril at tabak ay nagsilbing mabisang pananggalang sa mga mananakop. Ipinakita ng mga tula ang damdaming makabayan ng mga kababaihang Sakdalista sa panahon ng kolonyalismo sa bansa. Naging daan ang panitikan ng tula upang maiparating ng tao ang kanyang saloobin sa pamahalaan at sa bayan.

Hindi nagkakalayo kung tuntuntunin ang pokus ng kasaysayan at ang panitikan ng mga tula bilang bahagi ng agham panlipunan. Malimit na tinatalakay sa dalawang larangan ang tao at ang kapaligiran nito. Kung gayon, ang tula tulad ng mga karaniwang batis pangkasaysayan ay maaari rin gamitin upang buhayin ang nagdaan. Partikular na kalakasan ng tula ay ang mga ideya at damdamin ng taong luminang dito. Sa nasabing saloobin ay naikintal sa mga kataga ang realidad o ang mundong ginalawan ng manunulat. Sa pokus ng pag-aaral, walang ipinag-iba ang tula at ang pangyayaring historikal na naging inspirasyon ng makata sa paglinang ng bawat kataga. Sadyang ang tula ay isang kamalayang nagsasalang-alang ng mga katunayan panlipunan. Ang tula ang nagsilbing blueprint ng nakaraan, sa mga saknong at taludtod nito masasalamin ang anyo ng lipunang ginalawan ng makata at ang pangkalahatang damdaming umiiral noon (Delupio, 2010, p. 62).

Gamit bilang gabay ng pananaliksik ang metodong pangkasaysayan na siyang magbibigay ng pagsasakonteksto at pagsusuri sa mga tula. Pangunahing batis pangkasaysayan ang mga tula na kinatha nila Salud Algabre mula sa Cabuyao, Laguna (Sa Sariling Paaralan), Cres Delgado-Calabia (Kuwintas ng Katotohanan), Pelagia Tonino tubong Pasig, Rizal (Patunayan ang Pag-asa at Dalawang Mukha) Lucila Aldover (Bagong Katipunan) at Hermogena Evangelista na taga Meycauyan, Bulacan (Dahil sa Gawain). Sa huli, bibigyang pagpapahalaga ang mga tinaguriang “nameless” at “faceless” sa kasaysayan, ang mga kababaihang Sakdalista na nakibaka at nanindigan

gamit ang panulaan bilang paraan ng pagbatikos at pagsalungat.

3. PAGTATALAKAY

Sa pagtatatag ng pahayagang noong Hunyo 28, 1930 naging angkop ang pangalan ng Sakdal dahil sa paglalahad at pagsasakdal sa mga pinunong Pilipino at Americano sa harap ng mamamayan dahil sa kadahilanang sila ang pangunahing sanhi ng kahirapan at hindi pagtamo ng kalayaan ng Inang Bayan. Higit na isinabuhay ang tagline ng pahayagan na “Malaya walang panginoon kundi ang bayan.”

Upang maisakatuparan ang layunin ng pahayagan, ikinampanya ang pagboykot sa kalakal ng mga dayuhan at ang hindi pakikilahok sa halalan at mga lapiang pulitikal. Ipinawagan ang paglansag sa lahat ng lapiang pulitikal tulad ng Nacionalista, Demokrata, Komunista, Radikal at Bagong Katipunan. Naniniwala ang pahayagang Sakdal na sa sandaling magkaisa ang lahat ng mga Pilipino at tuluyang talikuran ang politikang alok ng dayuhan at mga kalakal nito, hindi magtatagal ay lilisanin nila ang bansa at matatamo ang kalayaan ng Inang Bayan (Delupio, 2016, p. 32).

Ang ganitong pagbatikos sa mga lapiang pulitikal ay masasalamin sa tulang “Bagong Katipunan” na kinatha ni Lucila R. Aldover (1930, p. 4) na mula sa Batangas, Batangas. Binansagan ng makata na isang “Komedyang” ang lapian ni Roxas at nagpahayag ng pagdududa sa layunin nitong “tubusin” ang kalayaan ng bayan. Ipinarating din ng tula ang ideya ng “paglansag” at “paggiba” sa mga lapian ng mga politiko at magsama-sama sa paglaban sa “tunay” na kaaway ng kalayaan ng bayan. Bahagi rin ng tula ni Aldover ang pagpapahatid ng mensahe upang madaling maisakatuparan ang layang minimithi. Ang mga ito ay ang “pagbuhay” sa sariling wika, pagsuporta sa sariling kalakal at pagtakwil sa lahat ng “panglibang” ng mga Amerikano tula ng pagboto, halalan, katungkulan, sine at mga pampublikong paaralan. Tunghayan ang tulang kinatha ni Lucila Aldover sa ibaba:

*Kung hindi KOMEDYA itong katipunan
na siya umanong pangtubos sa bayan,
tanggapin ang hamong lahat ng lapiya’y
lansagi’t gibain*

*at pagkaisahang labanan ang ating tunay na kalaban;
 buhayin ang Wikang kay laong pinatay
 magtiis sa ating sariling kalakal
 at iwan ang lahat ng mga panglibang
 na tulad ng votos at mga halalan
 puesto sa gobierno, sine't paaralan!*

Karaniwang laman ng balita noong 1932 ang misyong pangkalayaan na isinulong nila Quezon, Osmena at Roxas. Inihalintulad ng isang tulang may pamagat na “Dalawang Mukha” na isinulat ng makatang si Pelagia Toniño (1932, p. 2) na mula sa San Joaquin, Pasig, Rizal, ang mga politiko sa isang “lagari.” Lagari sila na may “dalawang mukha” na tulad ng mga politiko at pinuno na “umaayon” at may “pasubali” sa mga gawain. Mga pinuno ng bayan sila na ibinebenta ang mga sarili bilang “tagapagligtas” at “maka-bayan” ngunit sa katotohanan ay nagnanakaw sa kaban ng bayan. Sa huli, binansagan niya ang mga politiko bilang mga “kalawang” at “hudas” sa pamamahala. May katangiang “mandaraya” at mga taong “kabilanin” na walang paninindigan at bait sa sarili. Tunghayan ang huling apat na saknong ng nasabing tula sa ibaba:

*Ganyan ka dalawang mukha katulad mo ay lagari,
 Kung isulong ka't hilahin, kahi't saa'y naari;
 May ngipin kang nakaayo't may ngipin kang pasubali,
 Kahit saan ka madako'y kakampi ka't kaugali.*


*Kung sa bagay, sa asal mo'y mabuti kang makibagay,
 Sa masama't sa mabuti, ay wala kang kapintasan:
 Datapuwa'y sa sarili'y hindi ka ba nasusuklam,
 Na sa labas ay langit ka't sa loob ay pusalian...?*

*At ang iyong budhing iya'y hindi na ba narimarim,
 Sa anyo mo't pagkataong magdaraya't kabilanin...?
 Higit ka pang isang lilo't labis ka pang isang taksil,*

Gayong ikaw kung magpangarap ay kasamang walang maliw.

*Oh! huwag mong daramdaming sabihing dalawang mukhang
 Ikaw'y tunay na kalawang at HUDAS kang magdaraya;
 May pula ka at may itim na tulad ng isang SAGAT
 Mabuti ka sa harapa't sa likura'y laso't SULA.*

Tinapatan ng mga Sakdalista ang misyong pangkalayaan ng mga politikong Pilipino. Binalangkas at napagkasunduan magpapadala ng sariling misyon ang Sakdal sa Amerika na kinilalang Sakdal Misyong Pangkalayaan at itinalaga si Benigno Ramos bilang “Sugo ng Bayang Api.” Nagsimula ang kampanya ng Sakdal Misyong Pangkalayaan noong 1933 upang tapatan ang Hare-Hawes-Cutting-Act. Dumaan ang grupo ni Ramos sa bansang Hapon, Honolulu, Stockton California, at huling destinasyon ang Washington. Layunin ni Ramos na makaharap ang Pangulong Roosevelt ng Amerika upang personal na dumulog at iparating ang adhikain ng mga Pilipino para sa kalayaan. Sa Stockton California itinatag ni Ramos ang *Manila Sakdal's Supplement* at itinalaga si Tomas D. Espanola bilang tagapamahala nito (Delupio, 2016, p. 283). Ang *Manila Sakdal's Supplement* ay katumbas ng Sakdal sa Pilipinas ngunit naka sulat sa wikang Ingles upang isulong ang adhikain ng samahan sa Amerika.




Larawan Bilang 1: Manila Sakdal's Supplement, California, USA

Nagpahiwatig ng suporta ang tulang may pamagat na “Dahil sa Gawain” sa “Sugo ng Bayang Api” si Hermogena Evangelista (1934, p. 3) na mula sa Bangkal, Meykawayan (Meycauyan), Bulacan. Ipinarating ng makata ang sakit at lungkot ng paglisan sa bayang sinilangan na nararamdaman ni Ramos dahil na rin sa pagtalima sa “Gawaing” dapat matupad. Kaakibat ng pagtitiis ng sugo sa ibang bayan ay ang higit na pagpapatibay ng “loob” at ang pagiging handa sa mga “lihim” ng kalaban. Sa huli, naniniwala ang makata na ang kalungkutan at pakanang lihim ng mga kaaway ay walang panama sa “dakilang pakay” ng pagkuha at pagsasabuhay ng diwa ng kalayaan. Makikita ang tulang kinatha ni Evangelista na may sumusunod na pagpapahalaga hinggil sa “Sugo ng Bayang Api” na si Benigno Ramos:

*Bagamat kalong ka nang dusa't bagabag
 sa iyong pagyaon sa bayan mong liyag;
 Bagamat lipos ka nang hapis at lungkot
 sa iyong paglayo sa kaisang-loob,
 bagamat sakbibi nang kaba ang loob
 na di na makita ang bayang mong irog,
 Bagamat masaklap malayo sa lahat
 DAHIL SA GAWAING dapat na matupad:
 Ang lahat nang ito'y pinalis sa hagap
 mapalaya lamang itong bayang hirap.
 Kaya akong ito sa iyong paglisan
 tiba'y nang loob ko'y mahirap bawasan;
 Ang imbi't palalong lihim na kalaban
 Walang magagawa sa dakilang pakay.*

Bigo at hindi nagbunga ang naging lakarin ni Ramos bilang “Sugo ng Bayang Api” sa Amerika dahil hindi niya nakaharap ang Pangulong Roosevelt. Gayunpaman, nagsilbing hamon ang kabiguang ito sa pagtatatag ng Lapiang Sakdal noong 1933. Binalangkas ng partido ang apat na pangunahing layunin para sa bayan at ang mga ito ay ang sumusunod: (1) pulitika at pambansang kasarinlan, (2) paglinang ng sariling kultura sa pamamagitan ng edukasyon at paggamit ng sariling wika, (3) paghihiwalay ng Simbahan at Estado at panghuli, (4) katarungang panlipunan (Wada, Ang Kilusang Sakdal, 1930-1945, pp. 56-58).



Larawan Bilang 2: Logo ng Lapiang Sakdal

Sa isang tulang kinatha ni Salud Algabre (1933, p. 3) na may pamagat na “Sa Sariling Paaralan”, nagpahayag ang makata ng ilang kaalamang dapat ituro sa Pilipinong mag-aaral sa mga pampublikong paaralan. Bahagi rin ng kanyang tula ay ang pagsulong sa ideya na ang lahat ng mamamayang nakatira sa Pilipinas na tulad ng isang Ilokano, Bikolano, Moro, Pangasinense at Tagalog ay Pilipino at magkakapatid. Matutunghayan din sa ikalawa at ikatlong sagnong ng tula na ang likas yaman ng bansa ay para lamang sa mga Pilipino. Matutunghayan din sa ikalawa at ikatlong sagnong ng tula ang diwa ng Sakdalismo na ang Pilipinas at ang mga likas yaman nito ay bigay ng “Maykapal” at ito ay para sa mga Pilipino lamang. Ipinarating din ng makata ang malawak na yaman ng bansa tulad ng mga “mina” sa bundok, “halamang” gamot, “isda” sa mga ilog, “palay” sa lahat ng dako at ilan pang mga produkto tulad ng “saging,” “mangga” at “niyog.” Ang likas na yaman ng bansa ay para sa mga Pilipino at sa susunod na saling-lahi.

Bahagi rin ng tulang kinatha ni Algabre ay ang ilang aral hinggil sa kaligiran ng Pilipinas bilang isang bansang sinakop ng Espanya. Dala ng pagsakop ng mga Espanyol ay ang “pagkalupig” at “pagkaalipin” ng mga Pilipino na para kay Algabre ay hindi makatwiran dahil walang sinumang ang binigyan ng karapatan upang mang-alipin ng iba lalong higit ang grupo ng tao na ayaw na paalipin. Nagmungkahi rin siya na dapat ituro sa mga bata at paulit-ulit na sanayin at isulat ang aral ng mga



DLSU
RESEARCH CONGRESS
BUILDING IMPACT ON FIRM FOUNDATIONS:
From Basics to Applications

20
18

Presented at the DLSU Research Congress 2018
De La Salle University, Manila, Philippines
June 20 to 22, 2018

dakilang Pilipino na nagbuwis ng buhay para sa bayan. Tinukoy ng makata na si Rizal ang “Panganay na Bayani ng mga Pilipino” na nagtanggol sa karapatan ng mga Pilipino at ang naging kapalit ay ang sariling buhay. Bilang isang bayani, inilarawan ni Algabe si Rizal bilang, “pinakamarunong na anak ng Pilipinas.” Ninais din ni Rizal ang kalayaan ng bayan upang magkaroon ng “karangalan” ang mga Pilipino sa harap ng ibang bansa. Tinukoy din ng makata ang ilang pang dakilang Pilipino na nabuhay sa kasaysayan tulad nila Bonifacio, Plaridel, Luna, Hamabar, Sikatuna, Soliman at Raha Matanda na lahat ay inialay ang buhay para sa kalayaan ng Pilipinas. Ang pag-aalay ng sarili para sa bayan, ang pinaka mensahe ni Algabe at ito ang binitiwang niyang hamon para sa mga kabataang Pilipino. Ang saloobin at pagpapahayag ni Algabe sa kanyang tula:

*Panggasinan, ilokano,
bikol, bisaya at moro
silang lahat Pilipino,
silang lahat kapatid ko.*

*Ang bayan ko ay marangal
may saganang kayamanan
bigay ito ng Maykapal
upang aming panirahan
at sariling amin lamang.*

*May mina ang aming bundok
ang halaman ay panggamot,
may isda sa aming ilog
may palay sa bawat pook
may saging, mangga at niyog.*

*Mula sa dakong Ilokos
hanggang Palawan at Negros
ay pinatag ng tagalog
nang gumanda at umayos
para sa anak na irog.*

Inilarawan naman ng tulang isinulat ni Cres Delgado-Calabia (1936, p. 3) na pinamagatang, “Kuwintang ng Katotohanan” ang nagbabagong anyo ng kulturang Pilipino mula sa pananamit at makabayang diwa nito. Sa pamamagitan ng pamamaraang historikal, ikinumpara ng tula ang katangian ng bayani sa panahon ng Komonwelt at sa nagdaang panahon. Ang mga bayani ng rebolusyon gaya ni Rizal ay nagbuwis ng buhay para sa Inang Bayan, hindi tulad ng mga pinuno sa panahon ng Komonwelt na pansarili lamang ang iniisip. Binigyang diin din ng tula ang

kahalagahan ng wika sa pambansang kalayaan. Tulad ng paggamit ni Rizal at Balagtas, mahalaga ang wika upang maimulat ang bayan sa problemang panlipunan at sa pagtataguyod ng mga solusyon dito. Ang sumusunod ay ilang bahagi ng nasabing tula:

*Noong una ang dalaga sa suot na balintawak
Gumaganda’t kumikisig sa mata ng lahat-lahat,
Ang sariling ating yari at ang modang bagong labas
Sa matinong pagkukuro’y lupa’t langit yaong agwat.*

*Kung sa dami ng bayani ay marami tayo ngayon
At marami sa kanila ang sa laya’y umaayon,
Pawa silang magigiting kung sa wika magpupulong
Nguni’t kapag sa gawa na’y lahat sila’y umuwrong.*

*Noong una ang bayani ay sa gawa namamalas
Na di tulad ng sa ngayon, sa bunganga magigilas,
Nuong una ang bayani sa ano ma’y walang gulat,
Sa ngalan ng inang bayan, kamataya’y niyayakap.*

*Noong una tayo dito’y may Gat Rizal at Balagtas
Na ang tulang iniwana’y ebangelyong napakalat,
Kung ganoon ng ganoon mga tulang masusulat
Ang mata ng aking bayan ay kay daling mamumulat.*

Sinukat ang tagumpay ng Lapiang Sakdal sa halalan noong 1934 kung saan nagsiwagi ang mga Sakdalistang kandidato sa mga pulitikal na posisyon tulad ng kinatawan, presidente-munisipales, kinatawang panlalagiwan, kinatawang pambayan, at isang gobernador sa lalawigan ng Mindoro.

Naganap ang isang madugong pag-aalsa noong Mayo 2-3, 1935 na binubuo ng humigit-kumulang 60,000 sa mga lalawigan ng Bulacan, Rizal, Laguna at Cavite. Ang layunin ng pag-aalsa ay harangin ang plebesito ng Saligang Batas noong Mayo 14, 1935.

Noong 1937 sa pagpasok ng Sakdal sa ikawalong buhay (Hunyo 28, 1930-Hunyo 28, 1937), nag-alay ng isang tulang pinamagatang, “Sakdal” si Macaria Saquilayan (1937, p. 2) na mula sa Tondo, Maynila, upang bigyan ng pagpapahalaga ang naging ambag ng samahan at ng Pahayagang Sakdal sa bayan. Kung mapapansin sa mga tulang Sakdalista, paulit-ulit nilang kinakatha sa kanilang mga sagnong ang kanilang pagkilala sa sarili bilang mga “hamak” at “busabos” at kawalan ng kanilang estado sa buhay. Ang kanilang kaabahan ay nagmumula at sanhi lamang ng hindi makatarungang “batas ng tao” ngunit, kung



DLSU
RESEARCH CONGRESS
BUILDING IMPACT ON FIRM FOUNDATIONS:
From Basics to Applications

20
18

Presented at the DLSU Research Congress 2018
De La Salle University, Manila, Philippines
June 20 to 22, 2018

pagbabatayan ang “batas ng Dakilang tao” ang mga Sakdalista ay higit na dakila at naihahambing sa naging buhay ng mga bayani ng bayan. Angkin nila ang kamangmangan at salat sa karunungan, ngunit para sa makata higit silang marunong kung ihahambing sa mga taong titulado, dahil ang kanilang “talino” ay nagmumula sa “puso” at taglay ang dakilang hangarin ng paglaya na isang “sandatang malakas.”

Sa huling dalawang saknong ng tula, ipinarating ni Saquilayan ang pagkadakila ng mga Sakdalista nang tinagurian niya itong mga “hamak na dakila” at mga “bayani ng lahing banal” na ang tanging mithiin ay paglaya ng bayan. Sa paglipas ng panahon, maaaring malimot pansamantala ang aral ng samahan, ang mga taong minsang naging kasapi nito, ngunit para sa mga “kapanalig” at “ka-tibok sa pakay” ang mga Sakdalista ay tunay na “bayani” at “nabuhay bilang bayani” sa buong panahon nila sa lupang ibabaw. Tunghayan ang tula ni Macaria Saquilayan na nagbibigay pugay sa kapuwa niya Sakdalista at sa pahayagan sa mga sumusunod na saknong:

S__a batas ng tao ay nilikha silang hamak at busabo__s
tampulan ng lalong linsil na akala sa gawa't kilos;
subali't sa batas ng “Dakilang Taong” sa sala'y sumakop
sila ay dakila at mga bayaning di dapat malimot!

A__ng kanilang buhay ay tulad ng ibong nasa sa haul__a
napiit ang palad ng kadakilaan sa layon at tika,
kaya ang paglayang lunggati ng pusong dalit ay panata,
nalilibing lamang sa hukay ng limot at sawing pagasa!

K__ung sila ma'y mangmang at walang anumang karunungan hawa__k
na maaaring sa tagdan ng buhay ay mapawasiwas
mayroon naman silang hiyas ng talinong sa puso'y namugad
na sa adhikain kapagka ginamit-sandatang matalas!

D__ahil sa kanilang pagibig sa Bayang sinilangang puga__d
at sa kalayaan nitong lunggati't laon nang pangarap;
sila ay nagtigis ng dugo at buhay hanggang sa ang palad
ay sa gamu-gamong sumugba sa apoy kusang napatulad!

A__nupa nga't silang tinaguriang kong Hamak Na Dakil__a
sa kadalisan ng kanilang mithi'y dapat idambana;
at kung maari ay ibilang sila sa nangamayapang
bayani ng lahing banal na umibig sa ngalang paglaya!

L__imot man sakali ang kataimtiman ng kanilang ara__l
na sa Bayang-Api'y nagtuturong ganap ng kadakilaan;
sa dibdib ng bawa't kapanalig nilang ka-tibok sa pakay,
sila ay bayani ng mga bayaning sa lupa'y nabuhay!

4. PAGLALAGOM

Mahalagang kupkupin at alagaan ang kamalayan na sumasalamin sa mga tula sapagkat ito lamang ang nagbibigay-buhay sa pamanang aral ng nakaraan. Naging sakdalan ang panitikan-- ang sining ng panulaan sa paglalarawan ng mga lehitimong hinaing ng lipunang nagnanais ng pagbabago. Binuhay ng mga tula ang damdaming makabayan ng mga mamamayan na makikita sa bawat aral at pilosopiya na nilikha ng kababaihang Sakdalista. Sa huli, sinalamin ng mga tula ang naging pakikibaka ng mga Sakdalista sa panahon na ang bansa ay naghahangad ng isang tunay na kasarínlan. Ang kanilang sining ng pagkatha ng mga tula ay naging kasaysayan na ng mga tinig sa talinhaga, nag-iwan ng marka sa kasalukuyang gunita na hanggang ngayon ay patuloy na binubuhay sa ating lipunan at kamalayan, mga tula ng pag-ibig at pag-aalay sa ating kasaysayan at Inang Bayan.



20
18

Presented at the DLSU Research Congress 2018
De La Salle University, Manila, Philippines
June 20 to 22, 2018

5. SANGGUNIAN

Primaryang Batis

- Aldover, L. (1930, Disyembre 4). Bagong Katipunan. *Sakdal*, p. 4.
- Algabre, S. (1933, Pebrero 4) Sa Sariling Paaralan. *Sakdal*, p. 3.
- Calabia, C.D. (1936, Setyembre 5) Kuwintas ng Katotohanan. *Sakdal*, p. 3.
- Evangelista, H. (1934, Setyembre 15). Dahil sa Gawain. *Sakdal*, p. 3.
- Saquilayan, M. (1937, Hunyo 26). Sakdal. *Sakdal*, p. 2.
- Tonino, P. (1932, Oktubre 1). Dalawang Mukha. *Sakdal*, p. 2.

Sekondaryang Batis

Mga Aklat

- Agoncillo, T.A. (1990). *History of the Filipino People*. Quezon City: Garotech Publishing.
- Dery, L. C. (2009) *Makatang Mandirigma, Mandirigmang Makata: Si Benigno Ramos sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Bulacan: Bahay-Saliksikan ng Bulacan, Bulacan State University.
- Delupio, M. (2016). *Tulang Sakdal: Aral at Diwa ng Sakdalismo*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Sturtevant, D. (1976). *Popular Uprisings in the Philippines*. United Kingdom: Cornell University Press.
- Terami-Wada, M. (2014). *Sakdalista's Struggle for Philippine Independence 1930-1945*. Quezon City, Ateneo de Manila University Press.
- Tolentino, D. (1998). *Gumising Ka, Aking Bayan: Mga Piling Tula ni Benigno Ramos*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Mga Artikulo

- Delupio, M. (2010). Tulang Sakdalista: Isang Pag-aalsa at Pakikibaka sa Likod ng mga Kataga (1930-1940). *The Scholastic Review*.
- Guerrero, M. (1968). Peasant Discontent and the Sakdal Uprising. *Praxis*
- Sturtevant, D. P. No Uprisings Fails--Each One Step is a Step in the Right Direction. *Solidarity*, 1,11-21.

- Sturtevant, D. P. (1962). Sakdalism and Philippine Radicalism. *The Journal of Asian Studies*, 21 (2), 199-213.
- Terami-Wada, M. (1994). Ang Pagkakatatag ng Kilusang Sakdal. *College of Social Science and Philosophy, University of the Philippines*.

Mga Disertasyon

- Terami-Wada, M. (1992). *Ang Kilusang Sakdal, 1930-1945*. University of the Philippines, 1992.
- Pascual, T. Z. (1983). *The Sakdal Movement: A Historical Assessment*. University of Santo Tomas, 1983.